## Claimants 1081; Inc.

130 13<sup>th</sup> Avenue, Cubao, Quezon City Fig. 16: No. 911-72-94 The second of the second

4000

Hinggiem: HUMAN RIGHTS CLASS SUIT VS. FERDINAND MARCOS ESTATE

Mahal na kapwa ciass member.

rigoali

Neis kong ipabatid sa iyo ang pegkatatug ng CLAIMANTS 1081, INC., isang organisasyon ng mga elaimant-plaintiffs sa kesong HUMAN RIGHTS CLASS SUIT VS. SERDINAND MAI. COS ESTATE.

Ang kaso ay dininig noong Setyembre, 1992 ng Hawan Federal District Court sa ilalim ni Hukom Manuel Real. Sa naturang pagdinig, napaturayan ng mga hurado na ang namatay na Pangulong Ferdinand Marcos ay nagkasala na paglabag sa mga karapatang pantao nating mga 10,000 biktima. Ginawaran din tayo ng mga hurado, sa mga sumunod na mga desisyon, ng di-kukulangin sa \$2.0 bilyon na exemplary at compensatory damages.

Isinasaayos na ating mga abogadong sina Robert Swift, Sherry Broder, Rodrigo Domingo, Jr., Ruben Frato, at Rene Saguisag ang paghahabol ng ating claim sa iba't ibang hukuman at sa paramagitan ng pakikipagnegosasyon sa pamilyang Marcos at sa pamahalaan ng Pilipinas.

Marami pang masaring mangyari bago matapos ang ating kaso. Kailangan kung gancon ang pagkakaisa at aktibong pakikilahok ng mga claimants upang matulungan ang ating mga abogado sa paghahabol sa kaso. Dito lumitaw ang pangangailangan sa pagtatatayo ng isang organisasyon.

Ang Claimants 1081, Inc. ay isang or antisasyong eksklusibo sa mga class suit members, ibig sabibi'y para tamang sa mga lehitimong mga claimants na kinikilala ng Hawaii District Court. Nagdaos no ng kanyang Asembliya ng Pagkakatatag noong nakaraang Oktubre 21, 1994. Ang organisasyon ay kinikilala ng lead counsel sa class suit na si Arty. Swift bilang isang linatawan ng kanyang kasapian. Nakilapag-ugnayan ang organisasyon sa kanya at sa iba pang mga abogado para sa mangumpay na pagsasara ng class suit. Hindi nito ipinangangalandakan na kinakatawan nito ang lahat ng mga claimants. Ganunman, nag-aalay ito ng tulong sa mga class members hinggil sa kanilang mga claims.

nakas — serim a**utot**a grafiki. 2004. P. 1674 biba selas : Parida — para Mercka angli Diko aka II.

THE SECRET OF THE PROPERTY OF THE SECRET PROPERTY OF THE SECRET OF THE S

Ang Claimants 1081, Inc. av kumakatawan sa kanyang kasapian at tumatayong tagapagsalita sa usapin ng class suit. Tumatulong ito sa pagsasnayos ng mga claims ng class suit members. Nag-oorganisa ito, nagpapaliwanag, at nagpapakilos ng mga class members sa isyu ng class suit at iba pang kaugnay na mga isya. Naglulunsad din ito ng mga kampanya at mga lobby sa usapin ng class suit at sa mas malalawas, na isyu ng karapatang pantao. Naglalayon din itong tumulong sa iba pang mga biktima ng paglabag ni Marcos sa mga karapatang pantao at lumahok sa pangkabuuang gawain sa pagsusulong ne karapatang pantao.

Sa ngalan ng Claimants 1081, Inc., nais kitang anyayahang sumapi sa aming organisasyon upang marinig ang iyong tin sa mga deliberasyon ng ating kaso. Upang maging kuwatipikadong kasapi, kailangang makna sa opisyal na listahan ng mga claimants ang pangalan at kailangan ding yakapin ang mga prinsipyo at programa ng organisasyon.

Ang isang bagong kasapi ay magbabayad ng P50.00 bilang membership fee. Mayroon ding kontribusyong P100 00 bawat tatlong buwan. Ganuoman, ang kontribusyon ay maaaring iangkop para sa mga mahihirapang magbayad ng buong balaga. Hinihikayat naman ang mga may kakayahan na mag-ambag ng mas malaking halaga. Ang malilikom na pera ay gagamitin sa mga kagastusang pang-operasyon ng semanan.

Para sa mga dagdag na mga ke mungan, maaari kayong lumiham o bumisita sa tanggapan ng Claimants 1081, Inc. sa #130-13th Avenue, Cubao, Quezon City. Tel., 911-72-94. Pakihanap lang kay Ms. Hilda Nareiso, and Executive Directoring Claimants 1081, Inc.

Maraming salamat.

TETRESUVU

Mig Eria Rogalisa

Fig. 544 Albert of the parties of the control of th

on other or consisting papers of an argument of the consistence of the constant of the constan

e i i e e de de la lacemata de decembra d'Amproprimation de la mo-

President, Glaimants, 1981; Inc.